



the
power of
humanity

COVID-19 Tulong Pangkagipitan



Ang Australian Red Cross ay nagpapaubaya ng tulong pangkagipitan sa mga taong may hawak na pangsamantalang visa na nasa Australya at naapektuhan ng pandemyang COVID 19.

Makakatulong kami sa pagbibigay ng mga pakete ng pagkain, sa pag-aasikaso ng kaso at pagbibigay ng mga minsanang kabayaran, na may suportang pinondohan ng mga pamahalaang Australyano at mga ahensya.

Maaari kang maging marapat kung matutugunan mo ang sumusunod na mga pamantayan:

- Hindi ka mamamayan o permanenteng residente ng Australya
- Mayroon kang kagyat na pangangailangan tulad ng pagkain o medikal na gastusin
- Wala kang kita o ipon upang matugunan ang iyong mga pangangailangan

Paano ako mag-aaplay?

Dapat kang mag-aaplay sa aming online portal na redcross.org.au/emergencyrelief

Bago mag-aaplay, kailangan mong ihanda ang mga dokumentong ito:

- Katibayan ng iyong visa at numero ng iyong pasaporte
- Dokumento ng bangko na nagpapakita ng pangalan ng iyong account, BSB at numero ng iyong account.

Kung hindi ka sigurado or wala kang visa na may saysay sa kasalukuyan, maaari ka pa ring mag-aaplay at kokontakin ka namin upang pag-usapan ang iyong aplikasyon.

Bakit kailangan ang aking personal na impormasyon?

Ang impormasyon na ilalagay mo sa iyong online na aplikasyon ay ipadadala sa portal ng Red Cross. Hindi ito pampamahalaang database o sistema, at hindi ito makakaapekto sa iyong kasalukuyan o hinaharap na visa.

Paano kung kailangan ko ng tulong sa aking aplikasyon?

Kung hindi mo kayang kumpletuhin ang iyong aplikasyon, maaari kang humingi ng tulong mula sa isang kapamilya, sa kaibigan or sa ibang organisasyon. Pagkatapos maisumite ang iyong aplikasyon, isang miyembro ng Red Cross ang magsusuri ng iyong aplikasyon at maaari kang kontakin sa telepono. May makukuha ring hakbang-hakbang na gabay sa [website](#) ng Red Cross.

Gaano katagal bago ko makuha ang aking kabayaran?

Dahil sa dami ng aplikasyon na aming natanggap, maaaring matagalan bago kami makasagot sa iyong aplikasyon. Mangyaring huwag magpadala ng email o tumawag upang magtanong kung kailan makukuha ang kabayaran, at maghintay na kontakin ka ng aming kawani.